


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 6:
## Ang Pag-usbong ng Kamalayang Pambansa at Pakikibaka



**Pangalan:** ___________________________________

**Baitang at Seksyon:** __________________________

**Paaralan:** ___________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Franklene S. Gon, T-I

**Mga Editor:** Miriam L. Diegos T- III

**Tagasuri:** Crisente P. Talitayan MT- I
Alma Fe T. Librea MT-1
Maria Rosario C. Sabanal. MT-1

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**

**Tagalapat:** Leizel C. Caballero, MT-1
Marilou T. Ramirez, T1

**Tagapamahala:**

Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS - Araling Panlipunan



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasusuri ang Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino



# Balikan

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| **Kolum A** | **Kolum B** |
|---|---|
| 1. Galyon | a. kalayaan |
| 2. Liberal | b. polo |
| 3. Ilustracion | c. illustrado |
| 4. Sapilitang paggawa | d. kalakalan |
| 5. Panggitnang uri ng mga Filipino | e. Kaliwanagan |

**Aralin 6**

# Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Pag-usbong ng Nasyonalismong Pilipino



# Tuklasin

Magsaliksik at gumawa ng isang panayam sa iyong mga magulang, lolo o lola o mga matatanda tiyo o tiya o kamag-anak kung may alam pa ba sila sa mga pangyayari noong unang ng mga kastila. Ano ang kanilang mga nalalaman sa mga kastila o nang mga Hapon. Gumawa ng isang maikling sanaysay hinggil dito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang nararamdaman mo kung ikaw ay nasa panahong iyon ng mga kastila? Makikipagdigmaan ka rin ba laban sa mga kastila?
2. Bakit ka sasali sa pakikipag digma? Bakit naman hindi? Ipaliwanag.
3. Sa iyong palagay, ano ang kinalaman ng gawaing ito sa aralin?



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

**ANG LA ILLUSTRACION O AGE OF ENLIGHTENMENT**

Ang La Illustracion o Age of Enlightenment ay maituring na mahalagang panahon ng paghahanap ng katotohanan at pag-angat ng antas ng pag-iisip at pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pamahalaan, impraestruktura at mga institusyon ng lipunan. Malaki ang epekto ng La Illustracion o Englightenment sa naging kolonyal na patakaran ng mga Espanyol sa Pilipinas. Maaari din itong ituring bilang isang kilusang intelektuwal na umunlad sa Europe noong ika-18 siglo bunga ng pagtatangkang kumawala mula sa Middle Ages, o ang panahon ng pamamayani ng pamahiin, bulag na pananampalataya, at kawalan ng rason. Partikular na tinuligsa ng Englightenment ang mga itunuturing na konserbatibong kaisipan na nagbigay-daan sa pagkakaroon ng mga imperyo (at kaakibat na kolonya) gayundin ang pagiging makapangyarihan ng Simbahang Katolika (at ang kaakibat na monopolyo sa karunungan).

Hinubog ng La Illustracion ang Europe sa mga modernong kaisipan sa mga aspekto ng pamahalaan, demokrasya, edukasyon, ekonomiya, sining, at panitikan. Karamihan sa mga kaisipang ito ay ginagamit at pinakikinabangan pa rin ng daigdig hanggang sa kasalukuyan.

Ang ambag ng mga intelektuwal ng La Illustracion ay nagkaroon ng epekto sa unti-unting paghina ng mga imperyo at ang kaakibat na mga pagbabago sa larangan pangkaisipan lalo na hinggil sa politika at ekonomiya. Dahil ang pinahahalagahan din sa panahong ito ay ang kakayahan ng tao na mag-isip para sa ikabubuti ng sarili at lipunan, naging banta ito sa kapangyarihan ng Simbahan,

Marahil, ang pinakamahalagang impluwensiya ng Englightenment ay masasalamin sa mga rebolusyong politikal na sumiklab tulad ng French Revolution ng 1789 at ang American Revolution ng 1775-1783. Itinaguyod ng French Revolution ang konsepto ng kalayaan, pagkakapantay-pantay, at kapatiran (liberty, equality, at fraternity) at pinabagsak ang monarkiyang nagsamantala sa mga mamamayan. Gayundin, ang American Revolution- liban sa pagtutol sa mga buwis at regulasyon sa kalakalang ipinatupad ng mga British- ay sumiklab upang ipaglaban ang kasarinlan at itaguyod ang karapatang konstitusyonal, popular na soberya, at batas - mga konseptong umusbong mula sa Enlightenment.

Noong 1808, sa pagpapalaganap ng kapangyarihan ng France sa Europe ay isa sa mga sinakop nito ang Spain. Sapilitang pinatalsik ng mga French, sa

pamumuno ni Napoleon, ang nakaluklok na Hari ng Spain na si Ferdinand VII para sa kaniyang kapatid na si Joseph Bonaparte.

Patuloy na nilabanan ng Spain ang mga French hanggang sa tuluyan nilang makamit ang kasarinlan noong 1812 at muling naluklok bilang Hari ng Spain si Ferdinand VII.

Sinasabing agad tinangkilik ng mga nasa gitnang uri ang pakikidigma ng pamahalaan laban kay Napoleon dahil sa mga sumusunod na layunin:

1. upang makalaya mula sa despotismo ni Napoleon;
2. upang magkaroon ng pagkakataon sa malayang kalakalan;
3. upang matiyak ang kalayaan ng maliliit na bansa.

Ang mga kaisipang ito ay hango sa lumalaganap na ideolohiyang nasyonalismong liberal na nagtataguyod ng kalayaan at pagkakapantay-pantay. Mula sa ideolohiyang ito binalangkas ang Cadiz Constitution ng 1812, ang kauna-unahang nasusulat at liberal na saligang batas ng Spain.

**Ang Cadiz Constitution ng 1812**

Ang Cadiz Constitution ng 1812 ay nilikha bunga ng hangarin ng Spain na wakasan ang mga pang-aabusong dala ng sistemang konserbatibong umiiral sa kanilang bansa. Binibigyang-halaga sa nasabing konstitusyon ang mga ideyang liberal gaya ng karapatan sa pagboto ng mga kalalakihan, pambansang soberanya, monarkiyang konstitusyonal, kalayaan sa pamamahayag, reporma sa lupa, at malayang kalakalan. Bago naipasa ang nasabing konstitusyon, nagkaroon ng eleksiyon sa Maynila upang piliin ang kinatawang Filipinong ipadadala sa Cadiz. Si Ventura de los Reyes, isang mayamang Filipino, ang nahalal bilang kinatawan.

Hindi man nagtagumpay ang tangkang ipatupad ito sa Pilipinas nagkaroon ito ng epekto sa pamamahala ng Spain sa Pilipinas.

1. ipinatigil ang kalakalang galyon.
2. Napalitan ang merkantilismo ng malayang kalakalan;
3. Pagsiklab ng pag-aalsa sa Ilocos laban sa pagkansela sa pagpapatupad ng Konstitusyon sa Pilipinas noong 1815; at
4. Paglaganap ng mga bagong kamalayang bunga ng Englightenment sa Europe lalo na sa hanay ng mga Filipinong kabilang sa panggitnang uri na nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral sa Europe pagsapit ng ika-19 siglo.

**Epekto ng La Illustracion sa Pilipinas**

Ang deklarasyon ng Cadiz Constitution sa Pilipinas noong 1813 ay lumikha ng matinding reaksiyon mula sa hanay ng mga Filipino. Ang pagpapatupad nito ay nangangahulugang kailangang ipatigil ang ilang mahigpit na patakarang pang-ekonomiya ng Spain sa Pilipinas tulad ng sapilitang paggawa at pagbabayad ng buwis. Pagkalipas ng isang taon ay idineklara ni Gobernador-Heneral Jose de Gardoqui Jaraveitia ang pagbawi sa pagpapatupad ng konstitusyon sa Pilipinas sapagkat hindi kakayaning masuportahan ng kolonya ang mga pangangailangan ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas kung ititigil ang pangongolekta ng buwis. Tinangkang ipatupad muli ang Cadiz Constitution sa Pilipinas noong 1814 sa paglaya ng Spain mula sa France subalit hindi rin natuloy.

Hindi man ganap na naipatupad ang Cadiz Constitution sa Pilipinas, nagdulot ito ng iba't ibang reaksiyon sa mga Filipino. Halimbawa nito ay ang pag-

aalsa ng mga katutubo, ang hindi pagpapatupad sa nasabing kinstitusyon ay pakana lamang ng pamahalaang kolonyal upang maipagpatuloy ang pang-aabuso

sa mga Filipino sa pamamagitan ng sapilitang paggawa at pagpapataw ng buwis. Kumalat ang pag-aalsa sa mga karatig na bayan sa Ilocos. Sa mga pag-aalsang ito, pinaslang ng mga katutubo ang mga *principales* na itinuring nilang kasabuwat ng pamahalaang kolonyal sa pang-aabuso sa kanila.

Makalipas ng maraming taon matapos ang tangkang pagpapatupad ng nasabing konstitusyon sa Pilipinas, nanatili pa rin ang epekto nito sa kamalayan ng mga Filipino. Bigo man ang mga pag-aalsa, malinaw na pinukaw ng kaisipang La Illustracion at Cadiz Constitution ang kamalayan ng mga Filipino tungkol sa kanilang nga karapatang dapat tinatamasa sa buhay. Nakatulong sin ang mga ito upang mapagtanto ng mga Filipino na may pagkakataon sana silang mamuhay nang maginhawa kung magwawakas ang pang-aabuso sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga karapatan.

**PAGLIPAS NG MERKANTILISMO**

Mula ika-16 hanggang ika-18 siglo, naging batayan ng kaunlaran at kapangyarihan ng mga bansa sa *Europe* ang prinsipyong merkantilismo. Ayon sa mekantilismo, ang tunay na sukatan ng kayamanan ng isang bansa ay ang dami ng mahahalagang metal- lalo na ng ginto at pilak- na pagmamay-ari nito. Ito ang nagtulak sa mga Kanluraning bansa na magpalawak at mag-unahan sa paghahanap ng mga bagong teritoryo sa labas ng *Europe* na maaaring magbigay sa kanila ng dagdag na yaman. Ilan sa mahahalagang epekto ng merkantilismo ay ang pagtatag ng malakas na hukbong militar na magtatangol sa mga kolonyang bansa ng mga *European*, higit ding naging mahalaga ang ginto at pilak bilang pambayad sa barter trade o transaksiyon sa pagpapalitan at pagtutumbas ng produkto.

Sa loob ng 200 taon, ang merkantilismo ang nagdikta sa mga ekspedisyon ng mga *European* sa daigdig. Sa pagtuntong ng ika-19 na siglo, unti-unting humina sa tuluyang nagwakas ang merkantilismo. Ito ay napalitan ng higit na liberal na prinsipyong pang-ekonomiko- ang malayang kalakalan. Sa pamamagitan ng malayang kalakalan, tinitiyak na kapuwa mga bansang kalahok sa kalakalan (kolonya man o hindi) ay makikinabanag sa kayamanan. Ang pagbabagong ito ay pinaniniwalaang isa sa pangmatagalang impluwensiya ng pagpalaganap ng kaisipang La Illustracion.

**PAGWAWAKAS NG KALAKALANG GALYON NOONG 1815**

Ang mga sumusunod ay mga Salik sa Paghina ng Kalakalang Galyon

| SALIK | Mga Pangyayari at Epekto |
|---|---|
| Okupasyong British ng Maynila (1762-1764) | • Pinangunahan ng mga opisyal ng British East India Company.<br>• Nabago ang kolonyal na kaayusan at lalong sumidhi ang damdamin ng mga Filipino na makalaya mula sa Spain.<br>• Pinahina nito ang mataas na pagtingin at takot ng mga Filipino sa kapangyarihan ng mga Espanyol dulot ng pagkatalo nito sa British.<br>• Pinalaganap ang ideya ng malayang kalakalan isinasagawa sa Great Britain at naikumpara ito sa |

| | |
|---|---|
| | kalakalang galyon kung saan karamihan sa nakikinabang ay mga Espanyol. |
| Pagkakatuklas ng bagong rutang pangkalakalan | • Pagdaong sa Maynila sa kauna-unahang pagkakataon ng barkong direktang mula sa Spain - ang Buen Consejo- noong 1765.<br>• Pagtatawag ng Compania de Libre Comercio sa Madrid noong 1778 na nangasiwa sa direktang kalakalan sa pagitan ng Spain at Maynila<br>• Nabigo ang Compania de Libre Comercio at pinalitan naman ng Real Compania de Filipinas na humamon din sa katatagan ng kalakalang galyon. |
| Paghina ng kalakalan ng tela sa Mexico | • Dulot ng paglaki ng merkado sa Mexico para sa tela at iba pang produktong yari sa bulak mula sa India noong kalagitnaan ng ika-18 na siglo.<br>• Pagsapit ng ika-19 na siglo, humina at tuluyang nabuwag ang kalakalan sa telang Indian kung kaya't ang natira na lamang ay ang sedang Tsini sa pagkalaban sa kalakalang galyon. |
| Deklarasyon ng Cadiz Constitution | • Nagpanukala ng liberal na kaisipan, mga bagong karapatan at kalayaang pantao, reporma sa lupa, at malayang kalakalan |

**MGA SALIK NG PAG-USBONG NG KAMALAYANG MAKIBAKA AT PAMBANSA**

**Pagbubukas ng Suez Canal**

Noong ika-17 ng Nobyemre 1869, binuksan sa pandaigdigang kalakalan ang Suez Canal. Sa pagbubukas ng kanal na ito, higit na napadali ang pag-aangkat ng kalakal at pagdating ng kaisipang liberal mula sa Europe patungo sa ibang panig ng daigdig. Napaikli sa isang buwan ang paglalakbay mula sa Europe patungo sa Maynila.

Bunsod nito ay dumami ang mga dayuhang naglakbay sa Pilipinas dala ang sariling mga pananaw, kaisipan, at kultura, gayundin ang mga Filipinong nakapaglakbay palabas ng bansa. Nakarating din sa Pilipinas ang mga aklat, pahayagan, at iba pang babasahing mula sa Europe at America na naglalaman ng mga kaisipang liberal na may kaugnayan sa kalayaan, pagkakapantay-pantay, at pagkakapatiran.

**Pag-usbong ng Panggitnang uri**

Bunga ng paglago ng agrikultura at ang pagbubukas ng Pilipinas sa kalakalang pandaigdig ay may ilang mangangalakal, magsasaka, at propesyonal na umunlad ang pamumuhay. Sila ang bumuo sa panggitnang uri sa lipunan sa Pilipinas. Ang panggitnang uri ay karaniwang kinabilangan ng mga Chinese at Spanish mestizo. Dahil sa nakamit nilang kakayahang pag-aralin ang kanilang mga anak sa Maynila o sa Europe, partikular sa Spain. Doon nakamit ng mga "naliwanagang" kabataan, o mga ilustrados, ang liberal na edukasyong nagmukat sa kanila sa tunay na kalagayan noon ng Pilipinas.

**Liberal na Pamumuno**

Noong ika-19 ng Setyembre 1868, sumiklab ang isang himagsikan sa Spain. Nag-ugat ang himagsikang ito sa pagpapalit ng pamamahala ng Spain mula sa kamay ng mga konserbatibo tungo sa mga liberal. Sa panahong ito, ipinadala bilang bagong gobernador-heneral sa Pilipinas si Carlos Maria de la Torre.

Madaling nakuha ni de la Torre ang pagtitiwala ng mga Filipino. Nakilala siya sa kaniyang liberal na pamamahala sa Pilipinas. Nakinig siya sa mga suliranin ng mga mamamayan at nakihalubilo sa mga tao, Espanyol man o Filipino. Ipinagbawal rin niya ang paghahagupit bilang parusa; winakasan ang pag-eespiya sa mga pahayagan; at hinikayat ang malayang pamamahayag. Naniwala siya na pantay-pantay ang lahat ng tao. Sa ilalim ng kaniyang panunungkulan ay naranasan ng mga Filipino ang kalayaan sa pagpapahayag ng kanilang sarili.

Subalit hindi nagtagal ang liberal na pamamahala ni de la Torre. Natapos ito nang pinalitan siya bilang Gobernador-Heneral ni Rafael de Izquierdo matapos ang dalawang taong panunungkulan. Si Izquierdo ang kinikilala bilang isa sa pinakamalulupit na namuno sa Pilipinas. Sa panahong ito, lalong sumidhi ang pagnanais ng mga Filipino para sa pagbabago at kasarinlan.

**Sekularisasyon at ang Tatlong Paring Martir**

Isa pang mahalagang pangyayari noong ika-19 na siglo na naging salik sa pag-usbong ng kamalayang Filipino ang sekularisasyon. Ang sekularisasyon ay ang pagbibigay sa mga paring sekukar ng kapangyarihan pamunuan ang mga parokya.

Ang mga paring regular ay ang mga paring Espanyol na kabilang sa mga samahang relihiyoso tulad ng Agustinian, Franciscan, Recollect, Jesuit, at Dominican. Paring sekular naman ang tawag sa mga Filipinong pari na hindi maaaring mapabilang sa alinmang samahang relihiyoso.

Nag-ugat ang suliranin mula sa pagtutol ng mga paring regular na pamunuan ng mga paring sekular ang mga parokya. Ito ay sapagkat kaakibat ng pagiging pinuno ng parokya ay ang malawak na kapangyarihan at impluwensiya gayundin ang yamang mula sa kaban ng simbahan. Ibinalik sa mga paring regular ang mga parokyang hawak ng mga paring sekular. Hinaing ng mga Filipinong pari ay diskriminasyong ang ginagawang pagtanggal sa kanilang katungkulan. Bunsod nito, nagsimula ng isang kilusan sa pamumuno ni Padre Pedro Pelaez.

Noong 1872, isang pag-aalsa ang sumiklab sa Cavite na kinabibilangan ng mga sundalong Filipino na naglilingkod sa isang arsenal dito. Ito ay pinangunahan ni Fernando La Madrid, isang sarhentong mga pribilehiyo tulad ng hindi pagbabayad ng buwis at hindi pagsali sa sapilitang paggawa.

Agad na nasugpo nga mga Espanyol ang pag-aalasang ito, dinakip ang mga napagbintangang pinuno nito. Kabilang sa mga dinakip ang mga paring sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora. Pinagbintangan silang mga pinuno ng pag-aalsa sa Cavite upang mapatahimik ang noon ay mainit na isyu ng sekularisasyon.

Nilitis ang GomBurZa at isinakdal ng mga bayarang testigo, piskal at abogado. Hinatulan sila ng kamatayan at ginarote noong ika-17 ng Pebrero 1872. Sa pagkamatay ng tatlong pari ay napaigting ang damdaming makabansa ng mga Filipino laban sa mga mananakop



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin at tukuyin ang inilarawan sa bawat bilang. Punang ang patlang ng tamang upang mabuo ang tamang salita.

1. Maituturing na mahalagang panahon ng paghahanap ng katotohanan at pag-angat ng antas ng pag-iisip at pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pamahalan, impraestruktura at mga institusyon ng lipunan.
   LA I __L U__ __ __A C__ __ __
2. Noong 1812 itoy nilikha bunga ng hangarin ng Spain na wakasan ang mga pang-aabusong dala ng sistemang konserbatibong umiiral sa kanilang bansa.
   C __ DI__ C__ N __TIT__ __ ION_
3. Ito ay ginagamit bilang pambayad o transaksiyon sa papalitan at pagtutumbasan ng produkto.
   BA __ TE__ TR__D__
4. Noong Nobyembre 1869, binuksan sa pandaigdigang kalakalan gamait ang daanan na.
   S__ __ Z C__ N __ L
5. Ang pagbibigay sa mga paring secular ng kapangyarihang pamumunuan ang mga parokya.
   SE__ __ __AR __ __ AS Y O___



# Gawain

**Gawain 1**

**Panuto:** Suriin ang titik ng tamang sagot mula sa loob ng kahon

| |
|---|
| a. 1872<br>b. ika-17 ng Pebrero 1872<br>c. ika-17 ng Nobyembre 1869<br>d. ika-19 ng Septyembre 1868<br>e. 1812 |

_________ 1. Kailan sumiklab ang pag-aalsa sa Cavite na kinabibilangan ng mga sundalong Filipino na naglilingkod sa isang arsenal dito. Ito ay pinangunahan ni Fernando La Madrid, isang sarhentong Filipino.

_________ 2. Hinatulan nang kamatayan at ginarote ang tatlong Pari na sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora.

_________ 3. Sumiklab ang isang himagsikan sa Spain.

_________ 4. Binuksan sa pandaigdigang kalakalan ang Suez Canal.

_________ 5. Nilikha ang Cadiz Constitution bunga ng hangarin ng Spain na wakasan ang mga pang-aabusong dala ng sestimang konserbatibong umiiral sa bansa.

**Gawain 2**

**Panuto:** Punan ang patlang. Isulat ang salita o mga salitang tinutukoy sa mga pangungusap.

1. Malaki ang naging epekto ng ___________o Enligtenment sa naging kolonyal na patakaran ng mga Espanyol sa Pilipinas.
2. Ang deklarasyon ng ___________ sa Pilipinas noong 1813 ay lumikha ng matinding reaksiyon mula sa hanay ng mga Filipino.
3. Nilitis ang tatlong_______________ at isinakdal ng mga bayarang testigo, piskal, at abogado. Hinatulan sila ng kamatayann at ginarote noong ika-17 ng Pebrero 1872.
4. Pinangunahan ni ____________, nag aklas ang mga sundalo nang tanggalin ang ilan sa kanilang pribilehiyo tulad ng hindi pagbabayad ng buwis at hindi pagsali sa sapilitang paggawa.
5. Higit ding naging mahalaga ang ginto at pilak bilang pambayad sa ___________ o transaksiyon sa pagpapalitan at pagtutumbasan ng produkto.

**Gawain 3**

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na salik na nagpausbong ng kamalayang Nasyonalismo. Hanapin sa hanay B ang naglalarawan sa bawat pangyayari.


| A | B |
|---|---|
| _____1. Cadiz Constitution noong 1812 | A. Itinuturing na bahagi ng ma malawak na panahon na tinatawag na Age of Reason sa Europe. |
| ______2. Paglipas ng Merkantilismo | B. Binuksan ang Pandaigdigang Kalakalan. Higit na mas napadali ang pag-aangkat nga kalakal at pagdating ng kaisipang liberal mula sa Europe patungo sa ibang panig ng daigdig. |
| ______3.Pagbubukas ng Suez Canal | C. Sa pagtungtong ng ika-19 na siglo, unti-unting humina hanggang sa tuluyang nagwakas ang merkantilismo. |
| ______4. Pag-usbong ng Panggitnang uri | D. Karaniwang kinabibilangan ng mga Chinese at Spanish *mestizo*. Dahil nakamit nilang kasaganaan ay nagkaroon sila ng kakayahang pag-aralin ang kanilang mga anak sa Maynila o sa Europe partikular sa Spain. |
| ______5. La Illustracion o Age of Enlightenment | E. Binigyang-halaga ang mga ideyang liberal gaya ng karapatan sa pagboto ng mga kalalakihan, pambansang soberanya, monarkiyang constitution, kalayaan sa pamamahayag, reporma sa lupa, at malayang kalakalan. |



# Isaisip

**Balangkas ng Kaisipan.**

Sa nabasa ninyong kaalaman sa talakayan sa unang mga pahina ay nabuo ang kasipan sa tsart sa ibaba.




Panuto: Buuin ang kaisipan sa ibaba sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang sa mga wastong salita mula sa balangkas sa itaas.

Nalaman ko na ang Pandaigdigang Pangyayari sa labas ng Bansa noong ika-18 ng siglo gaya ng ____________________________, ____________________________ at ____________________________________________ ay may ugnayan at impluwensya sa pagkabukas ng ____________________________, __________________________________ at ______________________________________ na siyang sanhi at dahilan sa pag-usbong ng kamalayang makabayan at pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol?



# Tayahin

I. **Panuto:** Suriin ang bawat pangyayari sa labas ng bansa noong ika-18 na siglo na naging salik sa pag-usbong ng kamalayang Nasyonalismo at pakikibaka ng mga Pilipino.. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay ang pagbitay ng Tatlong Paring Martir na sina Padre Gomez, Burgos at Zamora sa pamamagitan ng ___________________.

   A. Garote o dahan dahang paghigpit ng lubid o kadena sa leeg
   B. Pagbaril
   C. Pagpako sa krus
   D. Pagputol sa ulo

2. Noong 1872, saan nangyari ang isag pag-aalsa na kinabibilangan ng mga sundalong Filipino?
   A. Cavite B. Europe C. Maynila D. Spain

3. Nabuksan sa pandaigdigangang kalakalan sa pamamagitan ng kanal na ito, higit na napadali ang pag-angkat ng kalakal at pagdating ng kaisipang liberal mula sa Europepatungo sa ibang panig ng daigdig. Napaikli sa isang buwan nag paglalabay mua Europe patungo sa Maynila. Ano ang tawag sa tanyag na kanal na ito.
   A. Canal ng Mactan C. Manila Canal
   B. Kanal ng Suez D. Persian Gulf

4. Ano ang tawag sa panahon ng mga intellectual sa Europa na naghahanap ng katotohanan at pag-angat ng antas ng pag-iisip at pamumuhay, politika at ekonomiya.
   A. Cadiz Constitution C. La Illustracion
   B. Demokrasya D. Merkantilismo

5. Bakit lalong sumidhi ang pagnanais ng mga Filipino para sa pagbabago at kasarinlan sa panahon ng pamumuno ni Gobernador-Henerall Rafael de Izquierdo?
   A. Dahil naniniwala siya na pantay-pantay ang lahat.
   B. Dahil nakuha niya ang tiwala ng mga Filipino.
   C. Dahil sa pagmamalupit nito sa mga Filipino.
   D.Dahil sa polo y servicio.

6. Alin sa sumusunod nagbibigay ng karapatan sa pagboto ng mga kalalakihan, Pambansang soberanya, monarkiyang konstitusyonal, kalayaan sa pamamahayag, reporma sa lupa at malayang kalakalan?
   A. Barter Trade C. La Ilustracion
   B. Cadiz constitution D. Merkantilismo

7. Ano ang naging epekto ng pag usbong ng panggitnang uri?

A. nakamit nilang kasaganaan ay nagkaroon sila ng kakayahang pag-aralin ang kanilang mga anak sa Maynila o sa Europe
B. May pagbabago sa katangian mula sa espirtuwal o panrelihiyon
C. Lalong umunlad ang pandaigdigang kalakalan.
D. Pinamunuan ng mga pari ang mga parokya.

8. Ano ang dalawang pangyayari nagbigay daan upang magkaisa ang mga Pilipino na ipaglaban ang kanilang kalayaan?

I Kilusan para sa Sekularisasyon ng mga parokya
II- Cavite Mutiny at Pagbitay sa Tatlong Paring Martir
III-Malayang paglalakbay ng mga Pilipino sa boung mundo
IV-Mayasang pamumuhay at mabutinG pamumuno ng mga Kastila

A. I at III B. II at IV C. III at II D. I at II

9. Suriin alin **HINDI** naging epekto ng La Illustracion sa Pilipinas

A. ang kamalayan ng mga Filipino tungkol sa kanilang mga karapatang dapat tinatamasa sa buhay
B. Naka tulong din ang mga ito upang mapagtanto ng mga Filipino na may pagkakataon sana silang mamuhay nang maginhawa.
C. magwawakas ang pang-aabuso sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga karapatan.
D. Patuloy na pamamahala at pananakop ng mga Kastila sa mga Pilipino.

10. Paano mo maipapamalas ang damdaming nasyonalismo o pagmamahal sa bayan sa kasalukuyang panahon?

A. Maging mapagmatyag at lumaban kapag may dayuhang manakop sa bayan
B. Mahalin at igalang ang ating watawat at pambansang awit
C. Tangkilikin ang mga produktong gawa ng mga Pinoy.
D. Lahat ng mga sagot.



# Karagdagang Gawain

Panuto: Magmunimuni at pumili ng isang eksena o pangyayari sa mga himagsikan at pagpakikipaglaban o pag-alsa ng mga Pilipino noong unang panahon at iguhit ito sa isang malinis na bondpaper. Halimbawa ang pagbitay sa garote ng tatlong paring martir. Ituring mong nandoon ka sa pangyayari. Ano ang iyong ginawa sa loob ng pangyayari. Maging mapagmatyag sa iyong mga damdamin habang ginawa mo ang pagguhit o pagpinta.

**Pamantayan sa Pagguhit o Pagpinta**

***(10 puntos)***

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw na larawan ang naiguhit o na ibinigay at may damdamin |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang na larawan ang naiguhit o na ibinigay na may damdamin |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang larawan ngunit ngunit walang konsepto na na ibinigay |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang konsepto ng larawan na naiguhit |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Di natapos o walang naisulat |

# Susi sa Pagwawasto

GAWAIN

**Gawain I**

1. 1872
2. Ika-17 ng Pebrero 1872
3. Ika-19 ng SEtyembre 1868
4. Ika-17 ng Nobyembre 1869
5. 1812

**Gawain II**

1.La Illustracion
2. Cadiz Constitution
3. Gomburza
4. Fernando La Madrid
5.Barter Trade

**Gawain III**

1.E
2.C
3.B
4.D
5 A

BALIKAN

1. D
2. A
3. E
4. B
5. C

Pagyamanin

1. La Illustracion
2. Cadiz Constitution
3. Barter T   rade
4. Suez Canal
5. Sekulariisasyon

TAYAHIN

1. b
2. a
3. b
4. c
5. c
6. b
7. a
8. d
9. d

## Sanggunian:


Gabuat, M. A., Jose, M.D.,& Mercado, M. (2016). *Pilipinas Bilang Isang Bansa.* Quezon City: Vibal Group. Inc. pp. 244-254

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region I

Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.